# Kinakailangan ng Medi-Cal ang Katunayan ng Pagiging Mamamayan at Pagkakakilanlan para sa mga Mamamayan at Nasyonal ng Estados Unidos

Ang isang bagong batas ay nagsasabi na ang *karamihan* ng mamamayan o nasyonal ng Estados Unidos na nag-aaplay o tumatanggap ng Medi-Cal ay dapat magpakita ng katunayan ng pagiging mamamayan *at* katunayan ng pagkakakilanlan. Ang batas na ito ay makakaapekto rin sa mga bata. Basahin sa ibaba upang malaman ang mas marami pa.

## Kung ang inyong anak ay hindi mamamayan o nasyonal ng Estados Unidos, ang mga pagbabagong ito ay hindi nauukol sa anak.

**Ang bagong batas ay maaaring makakaapekto sa mga benepisyo ng Medi-Cal ng inyong anak.**
Kung ang inyong anak ay may Medi-Cal na ngayon, ang mga benepisyo ay ipagpapatuloy kung natutugunan ng inyong anak ang lahat ng mga ibang kailangan ng pagiging karapat-dapat, at kayo ay gumawa ng katamtamang pagsisikap upang magbigay ng katunayan.

Kung ang inyong anak ay nag-aaplay sa pamamagitan ng CHDP Gateway, isang Programa ng Tanghalian sa Paaralan, o ang pinagsamang aplikasyon sa Healthy Families/Medi-Cal, hindi na ninyo kailangang magbigay ng katunayan hanggang hindi ito hinihingi sa inyo ng inyong lokal na opisina para sa mga serbisyong panlipunan.

**Ilang mga bata ay hindi na dapat magbigay ng katunayan ng pagiging mamamayan at pagkakakilanlan,** kabilang:

- Sinumang may:
  - Supplemental Security Income (SSI)
  - Medicare
  - Social Security Disability Insurance (SSDI)
  - Social Security Retirement at Survivors Insurance (RSI – Titulo II) base sa kanilang sariling kapansanan
- Sinumang wala pang 21 na humihiling ng mga Serbisyo ng Pahintulot sa Menor de Edad
- Mga sanggol na ipinanganak sa mga babaeng nasa Medi-Cal
- Mga Batang nasa Pag-aalaga ng Tagakupkop, Tumutulong sa Pag-ampon, o Kin-GAP
- Mga sanggol na nasa Programa ng mga Pinabayaang Sanggol
- Mga Benepisaryo ng CalWORKs

**Paano kung ang aking anak ay HINDI mamamayan ng Estados Unidos?**
Kung ang inyong anak ay hindi mamamayan o nasyonal ng Estados Unidos, kailangan lamang ninyong magbigay ng parehong mga dokumentong kailangan noong una. Walang nagbago.

**Paano kung ang aking anak ay isang nasyonal ng Estados Unidos?**
Ang mga nasyonal ng Estados Unidos ay kailangang magbigay ng katunayan ng pagiging mamamayan at pagkakakilanlan. Ang mga nasyonal ng Estados Unidos kabilang ang mga taong ipinanganak sa American Samoa (kabilang ang Isla ng Swains) at ang mga tao mula sa Commonwealth ng Pinakahilagang Isla ng Marianas.

**Kayo ay magkakaroon ng panahon upang makapagbigay ng katunayan ng pagiging mamamayan o pagkakakilanlan ng inyong anak.**
Kung kayo ay walang katunayan kung kayo ay nag-aaplay, isumite ang inyong aplikasyon gayun pa man at ibigay ang katunayan sa pinakamadaling panahon na inyong makakaya. Kung kayo ay walang katunayan sa panahon ng inyong taunang pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat muli, at kailangan ninyo ang karagdagang panahon, ipagbigay alam sa inyong manggagawa sa pagiging karapat-dapat.

**Paano makakukuha ng katunayan ng pagiging mamamayan ang aking anak?**
Kung ang inyong anak ay ipinanganak sa California, maaaring hilingin ng county ang rekord ng kapanganakan. (Ang rekord ng kapanganakan ay katunayan ng pagiging mamamayan.)

Kontakin ang county upang malaman kung nakahanap sila ng katumbas na rekord ng kapanganakan sa California para sa inyong anak bago ka magbayad para sa sertipiko ng kapanganakan.

Sagutan ang *Kahilingan ng Rekord ng Kapanganakan sa California* na pormas. Pagkatapos, ipakoreo o dalhin ang pormas na ito sa inyong lokal na opisina para sa mga serbisyong panlipunan. Kung hindi makita ang rekord ng kapanganakan, kailangan ninyong magbigay ng ibang katunayan ng pagiging mamamayan.

Itanong sa opisina ng serbisyong panlipunan sa inyong county ang tungkol sa pagkuha ng katunayan kung ang inyong anak ay hindi ipinanganak sa California.

**Kailangan pa rin ba ang katunayan ng pagkakakilanlan?**
Kung ang inyong anak ay wala pang 16 at nakumpleto at napirmahan na ninyo ang aplikasyon sa Medi-Cal o ang pinagsamang aplikasyon sa Healthy Families/Medi-Cal na kasama ang petsa at lugar ng kapanganakan ng inyong anak, hindi na kayo kailangang magbigay ng katunayan ng pagkakakilanlan. (Ang pinirmahang aplikasyon ay katunayan ng pagkakakilanlan ng inyong anak.)

Kung ang inyong anak ay 16 o lampas na dapat kayong magbigay ng parehong katunayan ng pagiging mamamayan **at** pagkakakilanlan para sa inyong anak. Ang pinakamabuting paraan ay magbigay ng **isa** sa mga dokumentong ito:

- Pasaporte ng Estados Unidos na inisyung walang limitasyon (ang mga paso na ay maaaring tanggapin)
- Sertipiko ng Naturalisasyon (N-550 o N-570)
- Sertipiko ng Pagiging Mamamayan ng Estados Unidos (N-560 o N-561)

Kung kayo ay walang isa sa mga dokumentong ito, dapat kayong magbigay ng **dalawang** dokumento:

- **Isang** dokumento ng pagiging mamamayan (katulad ng sertipiko ng kapanganakan sa Estados Unidos), *AT*
- **Isang** dokumento ng pagkakakilanlan (katulad ng lisensiya sa pagmamaneho na inisyu ng isang estado ng Estados Unidos)

Kung ang inyong anak ay wala pang 18 ngunit walang ID kard sa paaralan o lisensiya sa pagmamaneho, ang magulang, tagapag-alaga, o katiwalang kamag-anak ay maaaring pumirma ng Sinumpaang Pahayag ng pagkakakilanlan para sa bata.

Kayo ay **dapat** mag-sumite ng mga *orihinal* na dokumento o mga kopya na sinertipikahan ng nag-iisyung ahensiya. Tingnan sa likod para sa listahan ng mga maaaring tanggapin na dokumento.

**Paano kung nagbayad ako ng pangangalagang medikal o pangangalaga sa ngipin para sa aking anak habang kinukuha ko ang mga dokumento ng pagiging mamamayan at pagkakakilanlan?**
Maaaring bayaran ng Medi-Cal ang inyong mga kuwenta. Tawagan ang Mga Serbisyong Pang-Benepisaryo sa Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugang Pangangalaga para sa mga sagot sa inyong mga tanong: **(916) 403-2007.**

# Mga Maaaring Tatanggapin na Dokumento ng Pagiging Mamamayan at Pagkakakilanlan

Ang pinakamadaling paraan para sa mga mamamayan o nasyonal ng Estados Unidos upang patunayan ang katunayan ng pagiging mamamayan at pagkakakilanlan ay sa pamamagitan ng **isa** sa mga dokumentong ito:

— Pasaporte ng Estados Unidos na inisyung walang limitasyon (ang mga paso na ay maaaring tanggapin)
— Sertipiko ng Naturalisasyon (N-550 o N-570)
— Sertipiko ng Pagiging Mamamayan ng Estados Unidos (N-560 o N-561)

***– O –***

*Kung wala kayong kahit isa sa mga dokumento sa itaas, magbigay ng…*

***Isang* dokumento ng pagiging mamamayan na nakalista sa ibaba:**

- Sertipiko ng Kapanganakan sa Estados Unidos
- Sertipikasyon ng Ulat ng Kapanganakan *(DS-1350)*
- Ulat ng Kapanganakan sa Ibang Bansa ng Isang Mamamayan ng Estados Unidos *(FS-240)*
- Sertipikasyon ng Kapanganakan ng Departamento ng Estado *(FS-545 o DS-1350)*
- Kard ng Pagkakakilanlan ng Pagiging Mamamayan ng Estados Unidos *(I-197 o I-179)*
- Kard ng Amerikanong Indiyan *(I-872)*
- Kard ng Pinakahilagang Marianas *(I-873)*
- Kahuli-hulihang atas ng pag-ampon na nagpapakita ng Estados Unidos na lugar ng kapanganakan
- Katunayan ng pag-ampon ng isang bata na ipinanganak sa labas ng Estados Unidos at nasa legal/pisikal na pangangalaga ng isang magulang na mamamayan ng Estados Unidos (IR-3 o IR-4)
- Katunayan ng pagtratrabaho sa serbisyo sibil bago Hunyo 1, 1976
- Rekord ng serbisyong militar ng Estados Unidos na nagpapakita ng lugar ng kapanganakan
- Rekord ng ospital ng Estados Unidos na ginawa sa panahon ng kapanganakan * †
- Rekord ng seguro sa buhay, kalusugan, o iba pang rekord sa seguro * †
- Pang-relihiyong rekord na nakatala sa Estados Unidos sa loob ng 3 buwan ng pagkapanganak na nagpapakita ng lugar ng kapanganakan sa Estados Unidos o edad
- Naunang rekord sa paaralan na nagpapakita ng lugar ng kapanganakan sa Estados Unidos, petsa ng pagkatanggap, petsa ng kapanganakan, mga pangalan at lugar ng kapanganakan ng mga magulang
- Rekord ng sensus ng Pederal o Estado na nagpapakita ng edad ng aplikante at pagiging mamamayan ng Estados Unidos o lugar ng kapanganakan
- Rekord ng sensus ng tribung Seneca Indiyan * †
- Rekord ng sensus ng tribu ng Bureau of Indian Affairs ng mga Navajo Indiyan * †
- Notipikasyon ng rehistrasyon ng kapanganakan sa U.S. State Vital Statistics * †
- Isang naantalang pampublikong rekord ng kapanganakan sa Estados Unidos na iniulat nang mahigit na 5 taon pagkatapos ng kapanganakan ng tao * †
- Pahayag na pinirmahan ng doktor o komadrona na naroroon sa pagsilang * †
- Talaan ng Katutubong taga-Alaska mula sa Bureau of Indian Affairs * †
- Mga papeles na nagpapakita ng pagtanggap mula sa pasilidad ng pag-aaruga o sinanay sa pag-aalaga, o ibang institusyon na nagpapakita ng lugar na kapanganakan sa Estados Unidos *
- Rekord na Medikal (hindi rekord ng imunisasyon) * †

** Dapat may petsang hindi kukulangin sa 5 taon bago ng inyong unang aplikasyon sa Medi-Cal at nagpapakita ng lugar ng kapanganakan.*

*† Para sa mga batang wala pang 16, dapat nagawa nang malapit sa panahon ng kapanganakan.*

**Dapat** kayong magbigay ng dokumentong nasa pinakauna sa itaas ng listahan na maaari ninyong kunin.

*Kung **hindi** kayo makapagbigay ng alinman sa mga dokumento ng pagiging mamamayan…*

Hilingin ang dalawang may sapat na gulang na kumpletuhin at pirmahan ang isang *Sinumpaang Pahayag ng Pagiging Mamamayan.* Ang parehong may sapat na gulang ay kailangang may katunayan ng kanilang pagkakakilanlan at pagiging mamamayan ng Estados Unidos, at dapat isa lamang ang maaari ninyong kamag-anak.

***– AT –***

***Isang* dokumento ng pagkakakilanlan na nakalista sa ibaba:**

- Lisensiya ng Pagmamaneho na inisyu ng Estado o Teritoryo ng Estados Unidos na may larawan o iba pang mga impormasyong nagpapakilala
- Kard ng pagkakakilanlan sa paaralan na may larawan
- Kard ng Pagkakakilanlan sa Militar o draft record
- Kard ng Pagkakakilanlan sa pederal, estado o lokal na pamahalaan na kasama ang parehong impormasyong nasa lisensiya ng pagmamaneho
- Kard ng Pagkakakilanlan ng sustentado ng Militar sa Estados Unidos
- Isang Pasaporte ng Estados Unidos (inisyung may limitasyon)
- Sertipiko ng Katunayan ng Dugong Indiyan o iba pang dokumento ng Tribung Amerikanong Indiyan/Katutubo ng Alaska ng Estados Unidos
- Kard ng Coast Guard Merchant Mariner ng Estados Unidos
- Tatlo o mahigit na dokumentong nagpapatotoo, kagaya ng mga kard ng pagkakakilanlan ng empleyado, diploma sa kolehiyo o mataas na paaralan, lisensiya sa kasal, atas ng diborsiyo, at kasulatan/titulo ng ari-arian
- Mga rekord sa klinika, doktor, o ng ospital para sa batang wala pang 16
- Rekord ng paaralan, nursery school, o daycare, kabilang ang mga report kard, para sa batang wala pang 16. Ang county ang magpapatunay sa paaralan.

Para sa mga taong may kapansanan na nakatira sa pasilidad ng pangangalagang pantahanan, ang isang Sinumpaang Pahayag na pinirmahan ng direktor o tagapangasiwa ng pasilidad

Para sa **batang wala pang 16** na hindi nagbigay ng *Sinumpaang Pahayag ng Pagiging Mamamayan*, maaari kayong mag-sumite ng:

- Isang Sinumpaang Pahayag ng pagkakakilanlan ng bata na pinirmahan ng magulang, tagapag-alaga, o kamag-anak na nag-aalaga na may kasamang petsa at lugar ng kapanganakan.
- Isang aplikasyon sa Medi-Cal o isang pinagsamang aplikasyon sa Healthy Families/Medi-Cal na nagpapakita ng petsa at lugar ng kapanganakan ng bata, at pinirmahan ng magulang, tagapag-alaga o kamag-anak na nag-aalaga sa bata.

Para sa **batang wala pang 18**, ang isang Sinumpaang Pahayag ng pagkakakilanlan ng bata na pinirmahan ng magulang, tagapag-alaga, o kamag-anak na nag-aalaga ay maaaring gamitin kung hindi makukuha ang mga kard ng pagkakakilanlan sa paaralan o lisensiya sa pagmamaneho.

*Tala:* Ang mga pasong dokumento ng pagkakakilanlan ay maaaring tanggapin na katunayan ng pagkakakilanlan.